## Maging isang libreng miyembro ngayon

Ang pagiging miyembro ay libre para sinumang may tungkulin na tagpangalaga.

Kabilang sa mga benepisyo ng paging miyembro ay:

- access sa mga libre event para sa mga tagapag-alaga, workshops at programa
- buwanang eBulletin na 'The Voice' na puno ng mga mahahalagang isyu, event at kuwento ng mga tagapag-alaga
- ispesyal na mga alok sa mga miyembro at diskwento sa mga produkto at serbisyo tulad ng mga tiket sa pelikula sa Hoyts, akomodasyon sa Accor at mga pre-packaged na pagkain mula sa Live Life Foods.

Bilang bahagi ng aming komunidad, ikaw ay my pagkakataon na magkaroon ng boses tungkol sa iyong karanasan bilang isang tagapag-alaga at ano ang kailangan ng mga tagapag-alaga.

### UPANG MATUTO PA AT SUMALI, I-SCAN ANG QR CODE O BUMISITA SA

www.carersvic.com.au/Membership

Carers VIC Australia

PO Box 13305
Law Courts VIC 8010
**Phone** 1800 514 845
**Email** reception@carersvictoria.org.au
**Social Media** @CarersVictoria
**www.carersvictoria.org.au**

© Carers Victoria 2024

Ang akdang ito ay may karapatang-ari. Maliban sa paggamit na pinahihintulutan ng Copyright Act 198, lahat ng karapatan ay nakalaan.

Ang Carers Victoria Limited (Carers Victoria) ay nakarehistro sa ilalim ng Corporations Act 2001.

Ang Carers Victoria ay suportado ng Pamahalaan ng Victoria at Australian Department of Health and Aged Care.

ABN 12 533 636 427
ACN 143 579 257

Rainbow Tick

Quality Innovation Performance ACCREDITED

Kinikilala ng Carers Victoria ang mga Tradisyonal na May-ari ng lupain kung saan kami nagtatrabaho, ang mga Wurundjeri ng Kulin Nation, at kami ay gumagalang sa mga Nakatatanda ng nakaraan, kasalukuyan at hinaharap. Kinikilala namin ang patuloy na koneksyon ng lupa at tubig. Ang kanilang soberanya ay hindi isinuko.

3655 MAY 2024

Carers VIC Australia

# Isa ka bang Tagapag-alaga?

Maaari kang suportahan ng Carers Victoria





## Ano ang isang tagapag-alaga?

Ang isang tagapag-alaga ay isang indibidwal na nagbibigay ng walang bayad na pangangalaga at suporta sa isang miyembro ng pamilya o kaibigan na may kapansanan, matinding karamdaman, sakit sa pag-iisip, o isang matanda na nangangailangan ng pangangalaga.

Ang mga tao na kanilang inaalagaan ay maaaring:

- magulang, anak, kinakasama, kamag-anak, kapitbahay, at kaibigan.

Ang suporta na ibinibigay ng mga tagapag-alaga ay maaaring:

- pangangailangan sa personal na pangangalaga, pangangalagang pangkalusugan, transportaasyon, at iba pang aktibidad.

Marami sa mga tao nay may tungkulin na tagapag-alaga ay hindi kinikilala ang kanilang sariling bilang tagapag-alaga, at hindi sila malay sa mga impormasyon, serbisyo at suporta na maaaring para sa kanila.

Madalas ay nagsasabay-sabay ang mga responsibilidad ng mga tagapag-alaga, kaya nagiging mahirap ang pag-aalga. Narito ang Carers Victoria para tumulong.

## Tungkol sa Carers Victoria

Ang Carers Victorua ay isang samahan na kumakatawan sa lahat ng mga tagapag-alaga na walang kabayaran sa Victoria?

## Sino ang aming sinusuportahan?

Maaaring magulo ang kahulugan ng salitang ‘tagapag-alaga’, at marami sa mga tao ay hindi gustong gamitin ang salitang ito para tukuyin sa kanilang sarili. Upang maging isang tagapag-alaga, hindi mo kailangang:

- tumira kasama ng taon iyong inaalagaan
- maging pangunahing pinagmumulan ng pangangalaga at suporta
- magbigay ng pangangalaga araw-araw sa loob ng maraming taon
- makatanggap ng Bayad sa Tagapag-alaga (Carer Payment) o Allowance mula sa Centrelink.

Sino ka man, ang pagkakaroon ng tungkulin bilang tagapag-alaga at mayroon hamon at pabuya.

Habang magkakaiba ang sitwasyon sa pangangalaga, marami sa mga tagapag-alaga ay may magkakatulad na karanasan.



## Paano ka masusuportahan ng Carers Victoria?

Nagbibigay kami ng:

- impormasyon at suporta para mahanap ang nararapat na serbisyo
- mga workshop at programa na nagbibigay impormasyon
- aktibidad sa kalusugan at kabutihan
- access sa mga pinondohan local na events at aktibidad na nagbibigay-daan sa mga tagapag-alaga na makipag-ugnayan sa iba pang tagapag-alaga sa kanilang lokal na komunidad.

Kinokonekta namin ang mga tagapag-alaga sa:

- pagpapayong pinansiyal
- lokal na grupo sa suporta sa mga tagapag-alaga.

Ang aming Carer Advisory Service ay isang libreng serbisyo sa suporta sa telepono na nagbibigay ng impormasyon at tulong sa pag-access sa hanay ng serbisyo mula Lunes hanggang Biyernes, 9am-5pm.

**PARA SA SUPORTA**

Tumawag sa Carers Victoria sa 1800 514 845.

Maaari kang humiling para sa isang tagasalin.